# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY
# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG IKA-96 PANGKARANIWANG PULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY, RIZAL, IDINAOS NOONG IKA-29 NG HUNYO, 2021, 1:26 NG HAPON SA BULWAGANG KAPULUNGAN NG GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY, RIZAL**

**DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Michell B. Bermundo | - | Pang. Punong Bayan/Tagapamatnugot |
| Kgg. Sophia Priscilla L. Cabral | - | Konsehal |
| Kgg. Patrick John P. Alcantara | - | " |
| Kgg. Joanne Marie P. Calderon | - | " |
| Kgg. Ceferino R. Resurreccion Jr. | - | " |
| Kgg. Kyle Georic Y. Gacula | - | " |
| Kgg. Ma. Elaine T. Leonardo | - | " |
| Kgg. Philip Jeison J. Cruz | - | " |
| Kgg. Roda May A. Diño | - | Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan |

**DI-DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ma. Jeca B. Villanueva | - | Konsehal (O.B.) |
| Kgg. Frank Luster L. Santos | - | Pangulo ng Liga ng mga Barangay (O.B.) |

---

May Akda at Nagpanukala: Kon. Ceferino R. Resurreccion Jr.

Kapwa Nagpanukala : Pang. Punong Bayan Michell B. Bermundo
Kon. Sophia Priscilla L. Cabral
Kon. Ma. Jeca B. Villanueva
Kon. Patrick John P. Alcantara
Kon. Joanne Marie P. Calderon
Kon. Kyle Georic Y. Gacula
Kon. Ma. Elaine T. Leonardo
Kon. Philip Jeison J. Cruz
Pangulo ng LnB Frank Luster L. Santos
Pangulo ng Ped. ng SK Roda May A. Diño

---

**KAUTUSAN BILANG 708 serye ng 2021**

**KAUTUSAN NA NAGTATAKDA SA BLOCK 22 HANGGANG BLOCK 24 CASIMIRO YNARES SR. AVE., FLOODWAY-A, BRGY SAN JUAN, TAYTAY, RIZAL, BILANG PANSAMANTALANG SAKAYAN AT BABAAN LAMANG NG MGA PASAHERO NG PAMPAMASADANG UV EXPRESS NA DUMADAAN SA KAHABAAN NG FLOODWAY AREA, TAYTAY, RIZAL**

SAPAGKAT, nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan ang mga magtatricycle (TODA), mga driver/operator ng UV Express at ng ilang mga mamamayan na naapektuhan ng mga ruta ng pampasaherong sasakyan sa gawing lugar ng Floodway, Taytay, Rizal;

SAPAGKAT, ang mga magtatricycle (TODA) ay nagrereklamo na sila ay naapektuhan ng mga ruta ng UV Express na dumadaan sa Floodway, Taytay, Rizal;

SAPAGKAT, ayon sa mga regulasyon na pinatutupad ng LTFRB at DOTr, na ang mga pampasadang UV Express ay "point to point" lamang ang byahe at hindi dapat magsakay at magbaba ng pasahero sa dadaanan ng kanilang ruta;

SAPAGKAT, ang mga mamamayan na pasahero o mga byahero ay syang naapektuhan ng ilang beses ng pagsakay sa mga pampasaherong sasakyan at dagdag na gastos sa pamasahe;

SAPAGKAT, ayon sa Local Govt. Code o RA 7160, Section 447 Sub Section 5 Par (v), ay nagbibigay kapangyarihan sa local na pamahalaan na iregula, itakda, isaayos ang mga terminal, babaan-sakayan ng mga pasahero, paradahan at mga kahalintulad nito;

SAPAGKAT, sa pagpupulong na naganap sa pagitan ng mga mamamayan na naghain ng reklamo ayon dito, kaharap ang mga representante ng mga magtatricycle (TODA) AT pampasadang UV Express, kasama na din ang kinatawan ng kapulisan (PNP), mga kinatawan ng Taytay Municipal Tricycle Franchising & Regulatory Board (TMTFRB) at saksi ang MEDIA mula sa programa ni RAFFY TULFO, ay napagkasunduan ang PANSAMANTALANG pagtatalaga ng nasabing lugar na siyang magiging sakayan at babaan ng mga pasahero ng UV Express sa kahabaan ng Floodway, Taytay, Rizal;

DAHIL DITO,

PINAGPASYAHAN, AYON SA PAGKAPASYA, NG SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY, RIZAL, ANG KAUTUSAN NA NAGTATAKDA SA BLOCK 22 HANGGANG BLOCK 24 CASIMIRO YNARES SR. AVE., FLOODWAY-A, BRGY SAN JUAN, TAYTAY, RIZAL, BILANG PANSAMANTALANG SAKAYAN AT BABAAN LAMANG NG MGA PASAHERO NG PAMPAMASADANG UV EXPRESS NA DUMADAAN SA KAHABAAN NG FLOODWAY AREA, TAYTAY, RIZAL AT ITINATAKDA ANG MGA SUMUSUNOD.

**UNA,** na ang papahintulutan lamang na mga pampasadang UV Express ay iyon lamang mga grupo na nakipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan patungkol sa kautusan na ito, tulad ng mga samahan na sumusunod:

1. RIZAL TRANSPORT MPC
2. CARDONA BINANGONAN TRANSPORT SERVICE COOP
3. UVE TRANSPORT CORP
4. BINANGONAN-EDSA CENTRAL TRANSPORT OPERATIONS & DRIVERS ASSO.
5. ANGONO EDSA CENTRAL UV EXPRESS DRIVERS OPERATORS ASSO.
6. ANGONO MEGAMALL OPERATORS & DRIVERS ASSO.
7. SM BINANGONAN DRIVERS OPERATOR ASSO
8. STARMALL TERMINAL TRANSPORT COOP.

Ang mga pampasadang UV Express na hindi nabanggit dito ay walang karapatang magsakay ng pasahero sa kahabaan ng Floodway, Taytay, Rizal at sila ay huhulihin sa paglabag sa mga batas na umiiral. Ang itinakdang babaan at sakayan ay hindi maaring gawing terminal o pilahan ng mga pampasadang UV Express. At ang kautusang ito ay hindi maaring gamitin ng alin mang samahan ng UV Express para sa aplikasyon sa kanilang prangkisa at terminal.

**IKALAWA,** na ang mga mamamayan na nasasakop o sadyang maapektuhan sa kautusan na ito ay tutupad sa tamang sakayan at babaan ng mga pasahero na itinakda dito.

**IKATLO,** na ang mga magtatricycle (TODA) ay igagalang ang napagkasunduan na takdang sakayan at babaan ng mga pasahero ng pampublikong UV Express, at hindi gagamit ng anumang hakbang na makakaperwisyo sa pagpapatupad nito. Anumang paglabag sa kautusang ito sa hanay ng mga magtatricycle (TODA) ay papatawan ng kaparusahan ayon sa mga umiiral na batas.

**IKAAPAT,** ang kautusang ito ay ipapatupad ng Lokal na Pamahalaan ng Taytay, Rizal katuwang ang kapulisan (PNP). Na ang Tanggapan ng Ehekutibo ay maglalagay ng sapat na Signages para mapatupad ang kautusang ito.

**IKALIMA,** ang kautusang ito ay magkakabisa matapos mapagpasyahan sa kapulungan ng konseho.

PINAGTIBAY, ngayong ika-29 ng Hunyo, 2021, 4:23 ng hapon dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan na nilalaman ng Kautusang ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na ika-96 Pangkaraniwang Pulong nang ika-29 ng Hunyo, taong 2021 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

**SONIA C. SAMSON**
Kalihim ng Sangguniang Bayan
OIC

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. MICHELL B. BERMUNDO**
Pang. Punong Bayan / Tagapamatnugot

PINAGTIBAY:
PETSA: 05 JUL 2021

**KGG. GEORGE RICARDO R. GACULA II**
Punong Bayan